Good day leydis en genelmen, we are on round 14 ng ating DFBC 2nd conference of 2017. Ako nga po pala ang pansamantala nyong sports writer, dahil subalit datapwat nasa Hamerica ang ating Original sports writer upang sumuporta sa kanyang junakis sa sasalihang patinpalak duon. Kung sino ako, sikreto walang clue, pero hindi po ako fake news.. nyahhaaha.. pagtyagaan nyo na po ang aking paghihimay himay ng mga kaganapan sa nakaraang nakaka stressful day last Friday. So eto na toh.. wag kayong ano..

Ginalingan ng Harimanok Farm (7pts) laban sa kanilang katungaling Team Barangay (2pts) marahil ay marami silang nakaing chicken feeds kaya pumetmalu sila sa round na ito. Pinangunahan ni Madame Liza Castro ang kanyang team kaya sya rin ang tinanghal nga Bowler of the Week for Female with the score of 248 at Female high series of the week na 688 series.. o dba san ka pa.. pak bet…At dahil dyan sila ang tinanghal na Team of the Week for Round 14, e d wow.. joke lang.. Team barangay bawi bawi na lang sa susunod k..

Hindi rin nagpadaig ang tropang manginginom Ballentines (8pts) laban sa very friendy na Friendly Bowlers (0).. tila nsa kundisyon ang bato ni Ginoong Dindo "d BigFoot" Fernando na syang tinanghal na Male Bowler of the week dahi lsa kanyang score na 269.. Lodi petmalu werpa.... At dahil dyan may sorpresa ka kay Mayor Ardiente.. ahahahha.. Sa sobrang friendy nman ng Friendly Bowlers ay tila nakalimutan nilang pumuntos ng mga panahong iyon..hihihi
Syempre pa hindi padadaig ang The Bowlers of Symmetry (6pts) labas sa Approach-A-Bowls (2pts). Sila pa rin ang nananatiling number 1 sa Team Standing. Eksenang catch us if u can lang ang peg, in tagalog habol habol mga bes… ahahahah…

Samantala ito naman ang ibang kaganapan sa dako pa roon…

IIEE (7pts) vs B&G (3pts), Tweener (7pts) vs Covenant (2pts), V for Victory (6pts) vs DCC Cargo (2pts), Team Pilipinas (6pts) vs Derdans Strikers 2017 (3pts), Sherlock (6pts) vs FC Bowlers (2pts), RAK Pocket Snipers (6pts) vs Wild Wild X (4pts) and last but not the least Xclusive (7pts) vs sam ga bowlers na sila lang ang nakakakita (Beat me) ahahaha…

Naging triple tie ang mga Senior Citizens ay este mga Pogi at malakas ang datingingan na sina papa Odie Burayag, werpa Larry Dolor at lodi Albert Layesa with 645 series, dahil dyan paghatihatian nyo ang pamaleta ni Mayor.. Bwuahahah..

Eto nmn po ang Team Standing and Individual awardees after Round 14:

Round: 14 [redacted] **Friday, November 03, 2017**

TEAM STANDING & INDIVIDUAL RECORDS

No.	Team Name	Win	Loss	Games	Pin-falls	Average
1	15 The Bowlers of Symmetry (TBS)	99	25	42	36617	871.83
2	8 Tweeners	93	34	42	35034	834.14
3	3 Sherlock	88	31	42	36997	880.88
4	14 V for Victory	82	37	42	37728	898.29
5	16 FC Bowlers	78	44	42	35354	841.76
6	9 Xclusive	73	49	42	36917	878.98
7	5 Ballantine's	70	50	42	36572	870.76
8	1 iiee	68	54	42	36319	864.74
9	18 harimanok FARM	67	54	42	36639	872.36
10	2 Derdan's Strikers 2017	67	55	42	34815	828.93
11	6 Team Pilipinas	64	56	42	35629	848.31
12	11 Covenant	63	56	42	35065	834.88
13	4 DCC Cargo	59	64	42	33994	809.38
14	17 Approach-A-Bowls	57	62	42	31973	761.26
15	7 RAK Pocket Sniper	56	65	42	35821	852.88
16	13 B & G	56	64	42	32129	764.98
17	12 Team Barangay	52	67	42	33753	803.64
18	10 Wild Wild X	51	67	42	30911	735.98
19	19 Friendly Bowlers	32	83	42	31897	759.45

WEEKLY AWARDEES

Accumulator - 2 Round/s		None	
DCC Cargo Team of the Week		18 harimanok FARM	2,998
	Bowler of the Week - Male	Dindo Fernando	269
	Bowler of the Week - Female	Liza Castro	248
Ballantine's	High Series of the Week - Male	Odie B / Larry D / Albert L	645
	High Series of the Week - Female	Liza Castro	688

Special Event Winner/s			
WTA Winners	Game 1	Game 2	Game 3
Male Open + Handicap	Dindo F-269 (130)	Billy H-254 (210)	Jhey L-249 (240)
Female Open + Handicap	Liza C-248 (100)	Lusy I-219 (110)	Tess V-245 (100)

At dyan nagtatapos ang mga eksena sa Round 14, eto po ang inyong linkod (James Reid) na nagsasabing, di na baleng manakaw ang cellphone kesa sa salawal🤣.

Magandang Araw...